Babati ang nakasakay sa naglalakad, ang naglalakad sa nakaupo, at ang kaunti sa marami

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Babati ang nakasakay sa naglalakad, ang naglalakad sa nakaupo, at ang kaunti sa marami."} Batay kay Imām Al-Bukhārīy: "Babati ang nakababata sa nakatatanda, ang dumaraan sa nakaupo, at ang kaunti sa marami."

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Gumabay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungo sa etiketa ng pagbibigay ng pagbati ng kapayapaan sa pagitan ng mga tao: "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llāhi wa-barakātuh. (Ang kapayapaan ay sumainyo, ang awa ni Allāh, at ang mga pagpapala Niya.)" Kaya babati ang nakababata sa nakatatanda, ang nakasakay sa naglalakad, ang naglalakad sa nakaupo, at ang kaunting bilang sa marami.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4243